# Mga Patakaran para sa mga Sining sa mga Parke 2024

***Talaan ng mga Nilalaman (I-click ang isang opsyon sa ibaba upang magpunta sa seksyong iyon):***


1. Pangkalahatang Impormasyon ng Grant
    a. Layunin ng Grant
    b. Pagiging Karapat-dapat/Mga Kinakailangan
    c. Pagpopondo
    d. Pamantayan sa Pagtatasa
    e. Timeline
2. Balangkas at mga Bahagi ng Aplikasyon
3. Mga Napiling mga Parke


## *Pangkalahatang Impormasyon ng Grant*

Ang Tanggapan ng Sining at Kultura ng Seattle (Seattle Office of Arts and Culture-ARTS) ay makikipagsosyo sa Seattle Parks and Recreation upang madagdagan ang mga kaganapan sa sining at komunidad sa mga parke sa buong lungsod. Sa pamamagitan ng programang Arts in Parks, namumuhunan ang Lungsod sa masiglang gawaing pangkultura na ginagawa sa at ng magkakaibang komunidad sa buong Seattle.

Ang programang ito ay sumusuporta sa mga konseho ng mga sining ng kapitbahayan, mga grupong nakabatay sa komunidad, at mga indibidwal na artista na naghahangad na i-activate ang piniling mga parke ng Seattle sa mga lugar ng lungsod na kulang sa serbisyo at limitado ang ekonomiya. Sinusuportahan ng grant na ito ang bago at establisadong mga pagdiriwang o mga kaganapan na nagtataguyod ng pakikilahok sa sining at kultura, ipinagdiriwang ang pagkakaiba-iba, bumubuo ng mga koneksyon sa komunidad, at nagpapagana sa mga parke sa pamamagitan ng

mga sining at kultura habang kinokonekta ang mga komunidad na pinakaapektado ng sistematikong pang-aapi kabilang ang mababang kita, mga taong may kapansanan, mga komunidad ng imigrante at refugee, at mga komunidad ng may kulay.

Impormasyon: Makipag-ugnayan kay Ashraf Hasham, Tagapamahala ng Programa, sa (206) 514-1057 o ashraf.hasham@seattle.gov

TTY: 711 o (800) 833-6384, Tele-Braille: (800) 833-6385.

| | |
|---|---|
| **Aplikasyon**<br>Ang aplikasyon ay isinusumite ONLINE. Ang aplikasyon ay makukuha sa pamamagitan ng grant portal ng Lungsod ng Seattle sa FLUXX sa https://seattle.fluxx.io/user_sessions/new<br><br>Kung wala kayong computer o access sa internet, tawagan ang staff sa lalong madaling panahon. | **Pagbubukas**<br>Martes, Setyembre 26, 2023; 10:00 a.m. (Pasipiko)<br>**Huling araw**<br>Martes, Nobyembre 7, 2023; 5:00 p.m. (Pasipiko) |
| **Mga Pagpupulong para sa Impormasyon:** Tumanggap ng pangkalahatang-ideya tungkol sa programa at kung paano magsumite ng pinakamahusay na aplikasyon.<br><br>**Pagawaan 1**<br>Miyerkules, Oktubre 4; 12:00 – 1:30 p.m.<br>Online/Birtuwal<br>Magparehistro dito<br><br>**Pagawaan 2**<br>Biyernes, Oktubre 13; 12:00 – 1:30 p.m.<br>Personal sa Jefferson Community Center<br>Magparehistro dito | **Mga Drop-In na Pagpupulong:** Ito'y mga pagpupulong na Q&A kung saan maaari kayong makatanggap ng suporta sa sistema ng aplikasyon.<br><br>**Drop-in na Pagpupulong 1**<br>Lunes, Oktubre 23; 6:00 – 7:30 p.m.<br>Online/Birtuwal<br>Magparehistro dito<br><br>**Drop-in na Pagpupulong 2**<br>Sabado, Nobyembre 4; 10:00 a.m. – 12:00 p.m.<br>Personal sa Garfield Community Center<br>Magparehistro dito |

*Para sa Tulong, Makipag-ugnayan kay:*

- *Aplikasyon o Acces*: Alex Chase sa (206) 718-3430 o alexandra.chase@seattle.gov
- *Online na Teknikal na Suporta*: Sarah Blumenfeld (sarah.blumenfeld@seattle.gov)
- **Kami ay mayroong mga tagapagsalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language.** Tawagan lang kami at sabihin sa amin kung anong wika ang ginagamit ninyo. Asahan ang maikling pagtigil habang naghahanap kami ng isang tagapagsalin na sasali sa tawag.

## ***Layunin ng Grant***

Ang mga aktibidad sa kultura at mga parke ay isang mahalagang bahagi ng isang masigla, malusog, at napapabilang na komunidad. Sa pakikipagtulungan kasama ng Seattle Parks and Recreation, hinahangad ng ARTS na makipagtulungan sa mga grupo ng sining at komunidad upang lumikha ng isang lungsod kung saan ang lahat ng mga artist, at mga komunidad ay may kalayaan, ahensya, at plataporma upang ibahagi at palawakin ang kanilang mga kwento, sining, mga kultura, at mga karanasan, anuman ang lahi, klase, kasarian, edad, kakayahan, edukasyon, bansang sinilangan, pagkamamamayan, relihiyon, at sekswal na oryentasyon.

## ***Pagiging Karapat-dapat/Mga Kinakailangan***

Ang **Aplikante** ay dapat:

- Isang dibidwal na alagad ng sining, konseho ng mga sining ng kapitbahayan, o lokal na grupo sa komunidad
    - Mga organisasyon at mga indibidwal na alagad ng sining na kumakatawan sa mga komunidad na pinakanaaapektado ng sistematikong pang-aapi kabilang ang mababang kita, mga taong may kapansanan, mga komunidad ng imigrante at refugee, at mga komunidad ng may kulay ay hinihikayat na mag-aplay.
- May Federal Tax ID na numero at namimirmihan sa lungsod ng Seattle.
    - Mga grupong nag-aaplay ay hindi kinakailangang maging 501 (c) (3) na nonprofit o kinailangang gumamit ng ahente sa pananalapi.

Ang **Proyekto** ay dapat:

- Mayroong makabuluhang bahagi ng sining at kultura,
- Maging libre at bukas para sa publiko,
- Mayroong insurance,
- Magbigay ng plataporma para sa mga alagad ng sining at mga komunidad na kulang sa mapagkukunan,
- Sumunod sa pahayag ng misyon ng Seattle Park and Recreation (na magbigay ng nakakaengganyo at ligtas na mga pagkakataon na maglaro, matuto, magmuni-muni, magbuo ng komunidad, at magsulong ng responsableng pangangasiwa ng lupain),
- Magaganap sa isang karapat-dapat na parke ng Lungsod ng Seattle sa pagitan ng Abril 1 at Nobyembre 30, 2024.
    - Tingnan**ang listahan ngmga napiling parke** sa dulo ng dokumentong ito.
    - Ang mga kaganapan na magaganap sa Downtown o City Center Parks o sa Playfields at mga berdeng espasyo na mismong katabi ng mga community center ay hindi kwalipikado para sa pagpopondo na ito. Tingnan **ang listahanng mga hindi karapat-dapat na parke** sa dulo ng dokumentong ito.

Kayo ay maaaring magsumite ng isang (1) aplikasyon lamang bawat taon sa programang ito.

## ***Pagpopondo***

Mga napondohang organisasyon ay makakatanggap ng isang (1) taong pagpopondong suporta ng AIP (para sa mga kaganapan sa 2023) na mapupunta sa: mga bayarin para sa artista, mga bayarin sa pagbenta at pagtaguyod, mga gastos sa pamamahala ng proyekto at mga tauhan, mga gamit, pag-renta ng mga kasangkapan o ibang mga gastos para sa gamit pamproduksyon, mga kinakailangang permiso, at hindi lalampas ng 10% para sa mga gastos sa pagkain. Ang mga pondo ay ***hindi*** maaaring gamitin para sa pangangalap ng pondo, mga regalo, mga gastos sa pangangasiwa ng organisasyon na hindi direktang nauugnay sa proyekto o pagbili ng kagamitan. Walang bahagyang pagpopondo para sa programang ito, at nakadepende ito sa pag-apruba ng badyet para sa 2024. Maaaring mag-aplay ang mga aplikante sa mga sumusunod na antas ng pagpopondo:

- $1,300 (walang kinakailangang track record sa produksyon ng kaganapan)

- $2,600*
- $5,200
- $7,800**

**Ang mga grupo lamang na nagpakita ng kasaysayan ng produksyon ng mga kaganapan ang maaaring mag-aplay sa pagpopondo ng $2,600 na antas at mas mataas.*

***Ang mga kaganapan/mga proyekto na dating pinondohan sa halagang $7,200/$7,800 na antas sa nakaraang mga taon ay maaaring makatanggap lamang ng pagpopondo ng $5,200 o mas mababa, MALIBAN sa mga kaganapan/mga proyekto na nagbibigay ng hindi bababa sa 12 oras ng pampublikong pagpo-programa[1]sa isang karapat-dapat na parke sa loob ng hindi bababa sa apat (4) na araw[2]. Ang paghihigpit na ito ay batay sa puna mula sa komunidad at upang masuportahan ang mas marami pang mga proyekto at makatulong sa pagbuo ng kapasidad para sa mga kaganapan.*

## ***Pamantayan sa Pagtatasa***

Ang mga panukalang isinumite sa programa ay susuriin batay sa sumusunod na mga pamantayan **(50 puntos sa kabuuan**):

- **Lakas ng Proyekto (20 puntos):** Isang malinaw, mahusay na napag-isipang kaganapan na nagtataguyod ng pakikilahok sa mga sining at mga koneksyon sa komunidad sa pamamagitan ng makabuluhan at natatanging mga karanasan. Nagpapakita ng tunay na kaugnayan sa kultural na komunidad, kapitbahayan, o iba pang komunidad ng interes.
- **Epekto sa Komunidad (20 puntos):** Nilalarawan ng plano ng proyekto ang makabuluhang pagsisikap na maging inklusibo, pinagyayaman ang komunidad, hinihikayat ang pakikilahok, inaabot ang iba't ibang mga manonood, at lumilikha ng kakayahang ma-access lalo na para sa mga pinaka-naaapektuhan gawa ng istrukturang rasismo at pang-aapi.

---

[1] *Ang Pampublikong Pagpo-Programa* ay tumutukoy sa mga oras kung kailan pinapatalastas ang inyong kaganapan sa publiko (halimbawa, ang mga oras na nakalista sa mga materyal na pang-promosyon kung saan nag-iskedyul kayo ng mga aktibidad para makilahok ang publiko). Hindi kasama dito ang set-up o mga oras ng pagsasanay bago ang pampublikong oras ng pagsisimula ng inyong kaganapan o aktibidad.

[2] Ang mga araw ng kaganapan ay maaaring magkasunod o nagkalat sa panahon ng kwalipikadong time frame para sa programang ito sa pagitan ng Abril at Nobyembre 2024.

- **Pagiging Posible (10 puntos):** Ang nag-oorganisang grupo/indibidwal ay may napatunayang track-record ng paglalahad nito at/o iba pang (mga) kaganapan o kung hindi man ay nagpapakita ng kapasidad na matagumpay na maisagawa ang proyekto; ebidensya ng pakikilahok at suporta ng komunidad; at isang malinaw, makatotohanang badyet para sa kaganapan.
- **Mga Napiling Parke:** Bibigyan ng priyoridad ang mga proyektong nagaganap sa isa o higit pa sa mga napiling parke na tinukoy sa listahan, na maaaring partikular na makinabang mula sa mas madaming paggamit ng publiko.

## ***Timeline***

*Ang timeline na ito ay tantiya lamang at maaaring magbago.*

- **Katapusan ng Nobyembre 2023**: Kasunod ng takdang panahon, isang independiyenteng peer panel ng mga artist, mga kinatawan ng komunidad, at mga producer ng kaganapan ang lalahok sa isang pagsasanay sa pagkakapantay-pantay ng lahi at tahasang pagkiling.
- **Disyembre 2023**: Susuriin ng peer panel at bibigyan ng marka ang mga aplikasyon ayon sa pagiging karapat-dapat sa programa.
- **Maagang Enero 2024:** Nagpupulong ang peer panel upang talakayin ang bawat aplikasyon kaugnay ng pamantayan ng programa at gumawa ng mga rekomendasyon sa pagpopondo.
- **Katapusan ng Enero 2024**: Susuriin ng pamumuno mula sa ARTS, Seattle Arts Commission, at Parks and Recreation ang mga huling rekomendasyon at boboto para aprubahan.
- **Maagang Pebrero 2024:** Aabisuhan ang mga aplikante kung sila ay inirekomenda para sa pagpopondo.
- **Abril – Nobyembre 2024**: Ang mga kasosyo ay gagawa ng kanilang mga kaganapan at magsusumite ng kanilang mga dokumento sa pag-uulat upang makatanggap ng pagpopondo.

## ***Balangkas at mga Bahagi ng Aplikasyon***

*Sinimulang gamitin ng Lungsod ng Seattle ang bagong sistema ng aplikasyon, FLUXX, noong 2021. Kung hindi pa ninyo nagagawa, kailangan ninyong lumikha ng bagong profile bago ninyo ma-access ang aplikasyon.*

- **Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan/Fiscal Sponsor:** Ang seksyon na ito ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon sa pakikipag-ugnayang partikular sa aplikasyon na ito subalit hindi pa hiniling sa profile sa pagpaparehistro.
- **Demograpikong Impormasyon:** Hindi ito susuriin bilang bahagi ng inyong aplikasyon, ngunit sa halip ay upang matulungan kaming matuto nang higit pa tungkol sa mga komunidad na aming pinaglilingkuran sa pamamagitan ng aming mga programa, upang patuloy kaming magsikap tungo sa paggawa ng aming mga programa na mas pantay. *Lahat ng mga tanong ay opsyonal, subalit ang questionnaire ay kailangang isumite bago kayo makapagtuloy sa mga natitirang bahagi ng aplikasyon.*
- **Impormasyon sa Application:** Mga maiikling tanong na nauugnay sa inyong proyekto, kabilang ang mga petsa, lokasyon, laki/scale, atbp.
- **Impormasyon ng Proyekto:** Ang layunin ng mga tanong na ito ay magbahagi ng impormasyon tungkol sa inyong kaganapan/proyekto, ang komunidad na pinaglilingkuran nito, at ilang background tungkol sa inyong sarili**.**
    1. **Pamagat ng Proyekto:** Ang pangalan ng inyong kaganapan
    2. **Maikling Paglalarawan ng Proyekto:** Maikling paglalarawan ng inyong kaganapan o proyekto (halimbawa, isang bagay na maaari ninyong ilagay sa kalendaryo ng komunidad).
    3. **Paglalarawan ng Proyekto**: Ilarawan ang mga aktibidad ng pagdiriwang, kaganapan, o proyekto kung saan kayo naghahanap ng pondo. Isama ang impormasyon tungkol sa kung paano itatampok ang sining at kultura sa inyong proyekto o kaganapan.
    4. **Pagtatatag ng Komunidad sa pamamagitan ng Sining at Kultura**: Mangyaring isalarawan kung sino ang dadalo sa inyong kaganapan. Paano ginagamit ng inyong proyekto ang sining at kultura upang maitatag ang komunidad? Isalarawan kung ano ang inyong mga pagsisikap upang maging inklusibo, hikayatin ang iba't ibang mga populasyon, at pataasin ang pagiging naa-access.
    5. **Ang Karanasan at Kapasidad**: Magbigay ng maikling kasaysayan ng inyong programming sa sining at pagtatanghal ng mga aktibidad. Paano ninyo matitiyak

ang tagumpay ng inyong kaganapan? Isalarawan ang mga pangunahing pakikipagsosyo (sa mga organisasyon, mga grupo, o mga indibidwal) na makakatulong sa matagumpay na pagkumpleto ng proyekto o kaganapang ito.

- **Badyet:** Punan at i-upload ang **template ng badyet ng proyekto** (naka-link sa webpage ng Arts in Parks sa ilalim ng "Materials"). Dapat ipakita ng inyong badyet ang halaga ng kaganapan sa 2024, ang kita at mga gastos ay dapat magbalanse, at dapat isama ang anumang mga donasyong bagay o serbisyo. Mayroon ding puwang para inyong isama ang ilang tala tungkol sa inyong badyet.

## ***Mga Napiling mga Parke***

**Mangyaring bisitahin ang website ng Seattle Parks and Recreation at gamitin ang Park Finder upang tingnan ang higit pang impormasyon tungkol sa alinman sa mga parke na nakalista sa ibaba.**

**CENTRAL**

- Dr. Blanche Lavizzo Park
- Judkins Park
- Flo Ware Park
- Pratt Park
- Powell Barnett Park

**NORTH**

- Albert Davis Park
- Ballard Commons Park
- Lake City Mini-Park
- Licton Springs Park
- Little Brook Park
- Sandel Park
- Virgil Flaim Park

**SOUTHEAST**

- Beer Sheva Park
- John C. Little Park
- Martha Washington Park

- Othello Park
- Pritchard Island Beach

**SOUTHWEST**

- Duwamish Waterway Park
- Highland Park Playground
- Myrtle Reservoir Park
- Roxhill Park
- Westcrest Park

## ***Mga Hindi Kwalipikadong Parke***

**Ang mga parke sa Downtown o Center City ay HINDI karapat-dapat para sa mga proyektong pinondohan ng Arts in Parks. Ang iba pang mapagkukunan ng pagpopondo ay magagamit para sa mga proyekto sa mga parke na ito.**

- 2100 Westlake
- Alaskan Way Blvd
- Bell Street Park
- Belltown P-Patch / Belltown Cottage Park
- Cascade Playground
- City Hall Park
- Denny Regrade Park Off-Leash Area
- Donnie Chin International Children's Park
- Elliott Bay Bike Path
- Freeway Park
- Hing Hay Park
- Kobe Terrace
- Lake Union Park
- McGraw Square
- Myrtle Edwards Park
- Occidental Square
- Pier 62/63
- Pioneer Square Park

- Plymouth Pillars Park and Off-Leash Area
- Prefontaine Place
- Tilikum Place
- Union Station Square
- Victor Steinbrueck Park
- Waterfront Park
- Washington Street Boat Landing
- Westlake Square
- Westlake Park

**Ang mga sumusunod na playfield, parke, at berdeng espasyo ay HINDI karapat-dapat para sa mga proyektong pinondohan ng Arts in Parks. Marami sa mga palaruan at parke na ito ang nakikinabang mula sa Mga Sentro ng Komunidad, na mayroong mga mapagkukunan ng pagpopondo na magagamit o iba pang mapagkukunan ng suporta para sa mga proyekto sa mga parke na ito.**

- Alki Playground
- Ballard Playground
- Bitter Lake Playfield
- Camp Long
- Carkeek Park
- Delridge Playfield
- Discovery Park
- Garfield Playfield
- Green Lake Playfield
- Hiawatha Playfield
- Laurelhurst Playfield
- Loyal Heights Playfield
- Magnolia Playfield
- Magnuson Park
- Meadowbrook Playfield
- Miller Playfield
- Montlake Playfield
- Northgate Park
- Rainier Beach Playfield

- Rainier Playfield
- Ravenna-Eckstein Park
- South Park Playground
- Van Asselt Playground
- Walt Hundley Playfield
- West Queen Anne Playfield
- Yesler Terrace Park